

1

“I hate to do this, Son. You will be thirty in less than a year but I am still punishing you, sending you off to some far-flung area like a rowdy ten-year-old.” Bumuntong-hininga si Atty. Alexis Aldeguer, isang respetadong law school dean at executive sa isa sa pinakamalalaking multimedia networks sa bansa. But for this day, this hour, he was simply his personal driver, and as always, a loving father.

“Don’t, Dad.” Napailing siya habang derecho ang tingin sa daan. Pasado alas seis pa lang ng umaga at patungo sila sa airport. Alas nueve ang flight niya papuntang Laoag, Ilocos Norte. Mula roon ay magbibiyahe pa sila ng kanyang Tita Aurora, ang biyudang nakatatandang kapatid ng daddy niya, patungo sa San Diego, ang hometown ng mga ito.

“Pero alam ko kung gaano mo kamahal ang mga trabaho mo. Habang mainit ka pa sa mata ng media at ng mga nagtatangka sa ’yo, you will have to forget about *Real Deal*, the firm, and even your bar for at least the next five months.”

“Yeah, I know, Dad. But I think Paolo Bermudez will do a great job with *Real Deal*,” tukoy niya sa isang

batikang news anchor na pansamantalang papalit sa kanya sa weekly docu-reality show niya. “The guys at the firm will have me work on some cases remotely, and I think it’s best that I not be seen in *Playa* for a while.

“Anyway, I have been working my ass off almost non-stop for the past nine years. Mabuti na rin siguro itong makapagpahinga ako, dugtong niya.

“How about girlfriends? Nakapagpaalam ka ba sa—”

“Dad, you know I never had girlfriends. I don’t do relationships.”

Napabuntong-hininga ang ama niya. Sa kabilang sinapit nitong mga kabiguan sa pag-ibig, mula sa mommy niyang sumama sa pediatrician niya noong six years old siya, at maging sa mga naging girlfriends na eventually ay iniwan din ito, parang hindi natitinag ang paniniwala ng daddy niya sa true love.

While he was more than bitter and jaded when it came to such things. Hindi siya galit sa mga babae, ngunit hindi rin siya naniniwalang may kakayahang mga itong tunay na magmahal. He had suffered almost the same fate as his father. As an awkward, scrawny, nerdy high school kid—girls made fun of

of his thick glasses and ugly braces, and played with his young heart. Boys were not supposed to cry but girls made him shed tears that after finishing high school at the age of fifteen, he decided to take a gap year and joined his Tita Aurora when she spent a year with his older cousins in the States.

Katatapos lang alisin ng braces niya, at noon pa lang siya muling nakakakain nang maayos. Nagtulungan ang mga pinsan niyang i-makeover siya. They took martial arts classes, they got him into soccer and mountain trekking. Kahit underage ay ipinuslit siya ng mga ito sa mga clubs sa New York upang makakilala at maging mas matapang ang loob pagdating sa mga babae.

When he came back to the Philippines to continue his studies, he was a new man. Gone was the River Alexis Aldeguer who stumbled and stammered his way all throughout high school. He was now the tough, confident, and very good-looking college freshman who began sleeping around and breaking hearts soon as the first girl took notice.

He never looked back since.

Bakit pa siya magbabago? Wala rin naman siyang naramdamang sinseridad man lang sa pakikitungo sa kanya ng mga babaeng iyon. Most simply, literally,

they wanted a piece of him. A taste, a feel, or if they were luckier, even an entire night. Some tried to show a bit of emotion and thought they could change him by acting all demanding and jealous, then as damsels-in-distress when he wouldn't budge from his high and mighty throne as King Heartbreaker.

*Women are not from Venus. They're from f*cking Jupiter.* He snorted. “So, ano nga iyong plano ni Tita para masigurong matatahimik ang buhay ko nang ilang buwan, Dad?”

Napangiti si Atty. Aldeguer. Ito at ang mga kaanak sa side nito lang ang mga taong pinagkakatiwalaan niya. Plus his loyal high school friends, his staff at *Real Deal*, and his fellow associates at the firm. And he was content with those few he could trust.

Most of all, he was content, and grateful and happy for his father. Magkaiba man ang paniniwala nila lalo na pagdating sa pagmamahal ay ipaglalaban niya ito nang patayan. Then again, he had never met anyone who would even think about hurting Atty. Alexis Aldeguer. His dad was a freaking saint. It was a wonder he spawned a devil’s incarnate like him.

“Naikuha ka niya ng teaching job sa state university doon, na alam kong napaghandaan mo na. Pero bago ka mag-umpisa sa trabaho mo, ime-

makeover ka daw muna.” Napailing ito. “You will also use another name. Lex Del Rio.”

“Shit! That’s kinda whacked. Lex Del Rio.” Parang ni-rumble at isinalin lang sa Spanish ang buong first name niya. “Makeover, huh?”

“Actually, make-under daw yata. Ewan ko. Alam mong wala akong alam sa ganyan. Apparently, may nakuha ang tita mo na tutulong sa ’yo na baguhin ang hitsura mo para hindi ka makilala at hindi ka matunton ng grupo ni Someira.” His father was referring to Jon Someira, one of the country’s most popular actors and product endorsers. Ang mga kaibigan at frat brothers nito ay may dalawang linggo na ring pinaghahanap siya.

Iyon ay matapos pagtulungan siyang bugbugin ng mga ito sa harap mismo ng *Playa*, ang bar na pag-aari niya. Kasalanan naman niya iyon dahil hindi siya nag-ingat. Wala siyang balak agawin dito ang girlfriend nitong si Anya Cortez, na isang sikat na actress, model at product endorser din. Jon and Anya were the current TV power couple, at isang malaking eskandalo nang mahuli sila ni Jon may dalawang linggo na ang nakararaan.

Nagkataon lang na isang gabi ay naging careless sila at nalimutan ni Anya na may spare keys nga

pala sa condo unit nito ang nobyong si Jon. They just had dinner and decided to have each other for dessert, and Jon caught them having sex in Anya's kitchen counter. Mabilis siyang nakapagbihis at nakatakas dahil matagal ding nasa shock si Jon. Ngunit kinabukasan lang ay laman na ng balita ang mangyari, and Jon, who was too concerned about his image, had him hunted down by his frat brothers.

There had been constant threat to his life since—mula sa tapings niya para sa *Real Deal* hanggang sa law office at maging sa tinitirahan niya. He had no plans of hiding, ngunit ayaw rin niyang bigyan pa ng dagdag na stress ang ama, tiyahin, pati na ang mga kaibigan. Kaya pumayag na rin siyang magpalamig muna.

Apparently, kailangan din pala niyang mag-disguise para masigurong hassle-free ang pagtatago niya. Malawak kasi ang sakop at impluwensya ng fraternity na kinabibilangan ni Jon. Wala siyang choice kundi ang pumayag sa nais mangyari ng mga taong tumutulong sa kanya.

Kailangan niyang pagbayaran nang matindi ang ilang gabing kalokohan niya.

Pahamak talaga ang mga babaee. He shook his head. “I'll do everything Tita says, makeover o make-

under man 'yan, okay lang. Go ahead. I'll get used to calling myself 'Lex' as well."

"Good. Pero ang sinabi ni Ate Au ay kailangan niyang ipaliwanag sa tutulong sa 'yo ang sitwasyon. Wala naman daw dapat ipag-alala dahil tahimik at pribadong pamilya iyon. Tinanggap lang ng tutulong sa 'yo ang trabaho dahil kailangan niya ng extra cash. For what, I had no idea."

Tumaas ang isang kilay niya. Parang gusto na niyang magduda sa plano ng tiyahin. "Anything else Tita told you na dapat kong malaman para hindi na ako gaanong magulat pagdating doon?"

Nangingiting napailing ang ama niya. "Iyon lang. Alam mo naman ang tita mo, may flair for the dramatic kung minsan. Pero hindi naman niya tayo ipapahamak, hindi ba? Lalo ka na."

Indeed, he thought. Ang Tita Aurora niya ang responsible sa malaking naging pagbabago sa kanya thirteen years ago. Ngayon ay ito rin ang magmake-under sa kanya.

Talk about coming full circle. Or maybe, it was just his karma.

Nangungunot ang noo ni Valentine habang palapit sa parking area kung saan nakasandal sa SUV nito ang kakambal niyang si Vin at naghihintay sa kanya sa labas ng Arts and Sciences Building ng state university kung saan siya full-time instructor sa Calculus.

“Dude, Val. You’re an eyesore,” naiiling na sabi nito. Every other week ay umuuwi ang kapatid niya mula sa Maynila kung saan nagtatrabaho ito sa isang law and auditing firm. Pitong minuto ang tanda nito sa kanya ngunit parang high school pa rin kung umasta, lalo na sa kanya.

Vin was the typical pesky brother, at ipupusta niya ang shiny red *Beetle* niyang nasa talyer ngayon at ipinapa-tune up—na panay pambubuwisit lang ang gagawin nito habang pauwi sila.

Binuksan niya ang pinto ng sasakyang nito, sa passenger side at naunang inihagis sa loob ang orange backpack niya.

“Bawal sa ride ko ang baduy,” tila naaalibadbarang saad ni Vin. “Bakit ba hindi ka naimpluwensyahan ng fashion sense ng best friend mong alien?”

“Her name si Alanis, and sorry to tell you, dear brother, pero hindi ako maiimpluwensyahan ng kahit

sino na magbago, kahit pa ang best friend ko.” She glared at him. “Kaya tantanan mo na rin ako.”

“Paano ka mapapansin ni Chandler kung parang basahan mula sa eighties ang porma mo?” Nalukot ang ilong nito. “And speaking of which, palapit ang irog mo...”

“Yeah, right. Pa’no namang mapupunta dito si Chandler, eh, kanina lang nakita ko sa—Oh my God!” At gaya ng palagi nang nangyayari sa kanya sa tuwing papalapit o nasa paligid lang si Chandler, nararamdaman na niya ang pag-akyat ng lahat ng dugo sa kanyang ulo, sa kanyang mukha.

Oh, no, not now! Maputi siya at kakulay niya ang hinog na aratiles kapag nagba-blush, and it was really embarrassing! Idagdag pa roon ang tila pagkапaralyze ng dila niya at pag-evaporate ng kakayahang niyang mag-isip. Hindi naman siya mahiyain sa ibang lalaki, pero pagdating sa mga crushes niya, and for the past years it had been Chandler—ay tila forever siyang high schooler na hindi alam ang gagawin.

“Vin, I swear hindi ka na makakauwi ng buhay,” aniya sa pagitan ng mga ngipin. Nginisihan lang siya ng kapatid. Kaibigan kasi nito si Chandler at gusto nito ang lalaki para sa kanya.

“Pero kailangan mong ma-expose sa kanya para masanay ka. Para hindi ka na nagkakaganyan,” sabi nito habang kinakawayan ang lalaking papalapit sa kanila.

“Hindi niya ako type. Hayaan mo na, mawawala din ito.”

“Not when I have anything to do with it.” Vin rolled down his window. “Hey, Pare. Kumusta?”

“I’m good, Bro,” nakangiting tugon ni Chandler na tumingin sa kanya. “Hi, Val.”

“Uhm...” *'Kainis! Just say 'hi', Val! Hi lang iyon... Hi!* “Err... H-hi, Val... I mean... Chandler,” nanginginig ang boses na sabi niya.

“Where’s Alanis? Hindi yata kayo magkasama ngayon?” Nakatingin pa rin ito sa kanya.

Kinakausap ba talaga siya nito? “M-may klase pa siya sa grad school.”

“And thank God that human plague isn’t here,” Vin snorted.

Tiningnan lang niya ito nang masama habang nakakuyom pa rin ang kamao.

“Hey, Alanis is hot. Medyo weird lang. Kunwari

ka pang hindi mo napapansin, Pare.” And then Chandler winked... at her. Chandler winked at her!

“She’s making me hot, all right. Pinapainit ng babaeng iyon ang ulo ko,” naiiling na sabi ng kapatid niya. “Well, Pare, Martes ng umaga pa ang balik ko ng Manila dahil sa long weekend. Come by the house anytime. Ngayon sana kaya lang ay may bisita si Mama na kailangan naming asikasuhin.”

“Okay lang, Pare. May mga naunang lakad din naman ako this weekend.” This time, ang kapatid na niya ang kausap ng lalaki, a knowing smile on that handsome face. “And the first one’s in about... two hours. It was nice seeing you guys. We’ll hang out soon, ayt?”

The two men bumped fists, bago kinalampag ni Chandler ang gilid ng sasakyang sumaludo sa kanya. “See you around, Val,” anito bago lumayo na.

“You’re pathetic,” naiiling na komento ni Vin. “Sigurado akong panay date ang mga lakad ng isang iyon.”

“Hayaan mo na. That just goes to show na hindi niya ako type.” Nagkibit-balikat siya bagaman nasasaktan din kapag naiisip iyon.

“Paano, wala ka man lang effort para magustuhan

niya. Hindi sa dapat magpakita ng motibo, pero maipakita mo man lang sana kay Chandler, or to any other man you would like in the future, na interesado ka, na open ka sa kung anuman. A date or relationship or something.”

Nanahimik lang si Valentine. Sanay na siya sa ganoong usapan. Hindi niya alam kung saan at paano nag-umpisa ang chronic shyness niya pagdating sa mga lalaking nagugustuhan. Co-ed ang mga pinasukan niyang eskuwelahan simula noong kindergarten. Wala rin siyang partikular na masamang experience sa mga lalaki.

Sa kabilang palaging pambubuska sa kanya ni Vin ay alam niyang mahal siya ng kapatid. May mga kaibigan siyang lalaki, pero kung hindi mga bading ay mga boyfriends o asawa naman iyon ng ibang kaibigan niya.

Maybe that was it. Marahil ay sanay siya sa mga safe at platonic relationships na hindi niya alam kung paano haharapin ang matitindi at kakaibang emosyong nararamdaman niya sa mga lalaking nagugustuhan.

“And your clothes, Val.” Umiling-iling ito. “If only you would start wearing more updated clothes, maybe you would—”

“Okay, tama na. Alam ko na ang kasunod. And no, hindi ako naniniwalang kapag nagbago ako ng pananamit ay magbabago din ang tingin sa akin ni Chandler.” Hinawakan niya ito sa braso. “Huwag n’yo na akong masyadong intindihin. Seriously, I’m fine.”

Truth is, she was afraid of the possibility that if she did change, but Chandler would still not give her the time of day—then that would really suck. Okay na siya sa kaalaman na hindi siya nagugustuhan nito dahil sa pagiging baduy niya. Pero iyong hindi pa rin siya matipuhan nito kahit nagpa-makeover na siya, mukhang iyon ang di niya kakayanin. Kaya okay na siya sa ganito.

Natahimik na si Vin at itinutok na lang ang atensyon sa pagmamaneho. “So, may tinanggap ka daw na project from Tita Aurora? Make-under? What the hell is that?”

Natawa siya. “May pamangkin si Tita na kailangang magtago for awhile dahil may nagtatangka daw sa buhay. Apparently, he has very recognizable features, kaya kailangang baguhin ang hitsura. Mama was very vague with the details. Ang alam ko lang ay magtatrabaho din muna sa state university ’yung ime-make-under ko for a semester. Magtuturo din. Pol Sci yata.”

“And you’re getting paid for it? For how much?”

“Fee para sa makeover at sa pagiging guide slash bodyguard niya for five months at the most? Two hundred thousand.” She grinned. Kanina lang umaga ay nakatanggap na siya ng text message mula sa kapitbahay at kaibigan ng ina nila na si Aurora Tiangco. Nai-transfer na raw nito sa bank account niya ang halagang iyon. Gagamitin niya iyon para sa pinapangarap na trip to Europe next year.

“Damn, Tita Au is really loaded.” Napasipol si Vin bago tumingin sa malaking property na katabi ng sa kanila. Iyon ang pag-aari ng ginang, na may sampung taon na rin nilang kapitbahay. Dati ay nakatira ito sa kabilang dulo ng bayan. “Wait, lalaki iyang imake-under mo? Baka puwedeng ako na lang ang gumawa niyan.” Ngumisi ito.

“Make-under nga, eh. So dapat isang baduy na gaya ko ang mag-supervise d’on,” self-deprecating na pahayag niya, na binawi rin nang tingnan nang masama ng kapatid. “Actually, Tita Au picked me dahil sa involvement ko sa stage productions dati sa school at sa costume design. She thought it would be easy for me to come up with a character na gagawin kong peg para sa make-under. Plus, I will be working in the same college kung saan papasok ’yung project

ko.” Binuksan niya ang pinto nang maiparada na nito sa gilid ng bahay nila ang sasakyen. Kaagad itong sumunod sa kanya.

“All right then, let’s go and meet your project,” he grinned. Napailing lang siya at magpapatiuna na sana ng lakad nang bigla siyang hablутin ng kapatid sa baywang at isampay sa balikat nito na parang sako ng bigas.

Her eyes went wide. Alam na niya ang plano nito. Lalaki ang tiyak na isa sa bisitang aabutan nila sa bahay ngayon and Vin was trying to get her distracted, para hindi siya umaktong parang ewan sa harap ng kung sinumang iyon. Pinagbabayo niya ang likod nito.

“Vin! Ibaba mo ako! Isusumbong kita kay Mama!”

Hinigpit nito ang hawak sa mga binti niya. “Teka lang, dapat ikondisyon muna kita,” sabi nito bago umikut-ikot sila sa tapat ng pinto. Nang makontento ito at himalang di nahilo ay saka nito binuksan ang pinto habang buhat pa rin siya.

“Diyos ko, mga anak, ano ba naman iyan?” bulalas ng mama nilang si Mrs. Fely Elizaga kasunod ang mataginting na tawa ni Tita Au. Ngunit mas nangibabaw ang isa pang tawa. It was a hearty, low,

sexy laugh.

Pinilit niyang silipin ang mga bisita mula sa gilid ni Vin. And was met with an upside down view of a man who was seated beside her mother. Halatang matangkad ito, maganda ang posture. Kahit baligtad ang tingin niya ay hindi maikakaila sa suot nitong snug-fitting faded jeans and collared shirt ang tila kay sarap pisilin na muscles nito.

Those muscles sure looked firm and strong. And that face. Paano ba niya matitingnan nang maayos ang mukha nito gayong baligtad ang tingin niya sa mundo?

“Vin, ano ba?” asik niya. Para kasing naestatwa sa kinatatayuan ang kapatid at nalimutan nang hawak siya.

Noon ito tila nahimasmasan at walang seremonyas siyang ibinaba. Bumuway tuloy siya at muntik nang bumagsak dahil sa hilo. Her hands flailed trying to hold onto something, only to have her one arm gripped by something really strong. And solid.

“Whoa... ’kakahilo!” sabi niya habang ini-steady ang sarili. It was just one hand holding her, ngunit dahil tila kay tibay niyon ay sapat na upang makatayo siya nang maayos.

River's First - Sachi Bliss

Noon siya napatingin sa harap niya. The owner of that hand was still sitting and his hand was still on her arm. Matamang nakatingin ito sa kanya, at napanganga naman siya sa nakita.

2

The first she noticed were his eyes. They were hazel-green. Tila naiiba pa ang kulay niyon dahil sa tama ng liwanag ng papalubog na araw mula sa bintana nila. Mahaba rin ang mga pilik nito, maganda ang hugis ng may kakapalang mga kilay. His nose had a nice, near-perfect shape. Maganda rin ang pagkakaset ng panga at cheekbones nito. And he had those full lips, which rarely looked good in a man.

And he had broad shoulders, nice biceps and... bumalik ang tingin niya sa mga mata nito. Again, those eyes!

This man in front of her was not good-looking. More like drop-dead gorgeous.

Pinakiramdaman ni Valentine ang sarili. Ito na yata ang pinakaguwapong nilalang na nakita niya! Kinakabahan ba siya? Check. Parang bumabaligtad ang kanyang sikmura? Faster than the speed of light rush of blood to the head? Nagba-blush ba siya? No, no, no. *What, really?*

Hindi talaga. Pero kinakabahan siya, and yet, she could still look at this man straight in the eyes and

not feel her tongue seize up. “Hi...” nasabi niya sa wakas. “Thanks.” Tiningnan niya ang kamay nitong nakahawak sa braso niya.

Binitawan nito iyon, ngunit inabot naman ang isang kamay sa kanya, sabay tayo. “You’re welcome. I’m—”

“Shit! Dude! What the hell! I knew it! Damn! What are you...? Man!”

Hindi na naituloy ni Val ang sana ay tahimik na pagpuri at pagnilay-nilay niya sa magandang boses ng kaharap dahil sa biglang pagsabat ni Vin, na tila may sapi na hindi mawari. Tiningnan niya ito nang masama.

“Vince Paul, tumigil ka nga! Diyos ko naman itong mga anak ko, ang tatanda na pero ewan ko kung bakit ganyan,” naiiling na sabi ng mama niya na napansin niyang may kinukuha at ibinibilot nang diyaryo mula sa rack sa tabi ng coffee table.

“Vince, ano ba? Mukha kang tanga!” baling niya sa kapatid bago ibinalik ang tingin sa kaharap. Her heartbeat was racing but surprisingly, she was still somehow in control. “I’m Val,” aniya bago hindi mapigilang masdan muli ang guwapong mukha nito. There were just a hint of stubbles, and then... and

then he smiled. He even had perfect teeth!

Still, hindi rin naman niya ito matatawag na perpekto. There was something about those eyes. Pain? Sadness? Hindi siya sigurado.

Bigla namang natawa si Vin sa tabi niya. “Val, ano ba? Hindi mo ba siya nakikilala?”

Takang tiningnan niya ang kapatid bago bumaling sa lalaki. “Should I know you?”

He simply shrugged. “Better that you don’t, actually.” Then he looked at her intently again. Hindi niya maintindihan kung bakit tila may panic siyang nakikita roon. “You really don’t know who I am, prior to this meeting, right?”

Umiling siya. “No. What’s your name again?”

“It’s River Aldeguer!” halos pasigaw na sabad ni Vin, who stepped in front of them and shook the man’s hand furiously. “Vin, Pare. I can call you ‘Pare’. Right?”

“S-sure,” napapangiwing tugon ng lalaki, bagaman sinsero ito sa pagpayag. “I’d appreciate it, man. But really, mas okay sana kung—”

“So what if he’s River Aldeguer?” napalakas nang tanong ng dalaga, hindi pa rin maintindihan kung

bakit big deal ang identity ng lalaking ito bukod sa pagiging guwapo.

“Pare, pasensya na dahil nabubuhay sa ibang dimension itong kakambal ko,” nakangising saad ni Vin bago hinarap siya. “Two words. *Real Deal*. That show where some dude spends three days of his life doing a certain odd or blue-collar job and tries to win challenges to help the family of the man whose job he had to take over for awhile? How about ’yung documentary tungkol sa illegal logging sa *Sierra Madre*, ’yung feature sa *Dumagat* tribe, ’yung underwater exploration sa *Sulu Sea* na lahat ay nanalo ng gold medal sa *New York Film and TV Festival?*” litanya nito.

Napakurap lang siya bago napatingin kay River.

Kay River na tila hindi nagugustuhan ang narinig. For a moment, he actually looked bored, even a bit disgusted... at himself.

“Siya lang naman ang host, writer, researcher, producer at minsan ay direktor ng mga iyon, Val,” pagtatapos ng kakambal niya.

“Oh...” She didn’t quite know what to say. She had heard the name, pero hindi naman siya nanonood masyado ng TV, kaya hindi rin siya pamilyar sa mukha

nito. “I’m sorry.”

Again, the visitor just shrugged. “Don’t be. Actually, from now on, and for the next several months at least, mas okay sana kung hindi n’yo ako tatawaging ‘River’.” Sumulyap ito sa tiyahin. “Tita Au thought of the name Lex Del Rio, na parang ginulong version lang ng full name ko. So, I have to introduce myself again.” He reached for her hand. “Hi, Val. I’m Lex.” Mahigpit siya nitong kinamayan bago iyon binitawan at tumango sa kapatid niya. “Vin, sa tingin ko, alam mo na kung bakit kailangan kong gawin ito, kung bakit kailangan kong palitan ang pangalan ko. And the make-under...”

Nakakaunawang tumango ang lalaki. “That was some deep shit you got yourself into, man.” Then he winked at him conspiratorily. “Pero ang init n’ung si Anya Cortez, Pare. Was it good?”

Valentine rolled her eyes. Now she was familiar with Anya Cortez, and the scandal she got herself into. At ang lalaking ito pala ang third party? Naningkit ang mga mata niya habang hinihintay ang sagot nito, waiting for some really disgusting, sexist, sleazy reply.

But instead, River/Lex just shook his head. “Good but not worth being almost beaten to death for,” seryosong sagot nito. “Naging pabaya at irresponsable

ako kaya heto, kailangan ko munang iwan ang mga trabahong mahal ko para magtago at masigurong mabubuhay pa ako nang matagal.” Tinapik nito ang balikat ng kapatid niya. “Kaya ingat lang lagi, Pare.”

Matamang minasdan niya ang kaharap. He really was gorgeous, and actually, he was her type. The way he was able to make her excitable brother shut up and listen already earned him some respect from her, pati na ang tapat nitong pagsisisi sa ginawa.

Pero ang concern niya ay ang kung paanong sa kabilang kaguwapuhan at potensyal ng lalaking ito na magustuhan niya, tila normal pa rin ang pakiramdam niya. And she really could look into those intense, soulful hazel eyes! And not flinch even when he would look back at her, gaya ng ginagawa nito ngayon.

But she was getting quite annoyed, for some reason. Hantaran kasi kung tingnan siya ng binata. Lalo pa at talagang naglalakbay ang tingin nito mula sa kanyang buhok hanggang sa kanyang paa, sa kabuuang ng kanyang katawan.

Pagkatapos ay napangiti ito na tila ang tanging verdict sa nakita ay: *Puwede na*.

Para tuloy gusto niyang takpan ang sarili. Balot

na balot siya pero pakiramdam niya ay nakita na nito ang lahat sa kanya dahil sa mapanuksong tingin nito.

“You can quit staring at me now,” she hissed.

And no one had ever looked at her that way.

“You’re the one who’s been staring,” he said in that low, sexy voice of his.

“Hindi kaya!” protesta niya.

“Huwag mo nang i-deny. Hindi mo nga maalis ang tingin mo sa akin, o!” He poked her cheek.

Natawa nang malakas si Vin, na kaagad natahimik nang tingnan niya nang masama. Nang ibalik niya ang pansin kay River, nakita niyang nilapitan nito ang kanyang ina at si Tita Au. Pumagitna pa ito sa dalawang babae.

“Kung gusto mong maging successful itong pagme-make-under sa ’yo at masigurong hindi ko ilalaglag ang tunay na pagkatao mo, you better behave, River,” pahayag niya, dahilan upang mawala ang ngiti sa mga labi nito.

“Lex,” he corrected.

“Fine. Lex!” Hinarap niya ang iba pang kasama nila. “Mama, Tita... tatapatin ko na kayo, base sa

assessment ko sa lalaking ito, sa tingin ko hindi ko maipapangako ang one hundred percent na success ng project na ito,” turan niya, na ramdam din ang pagkamangha sa sarili dahil kanina pa siya derecho kung magsalita, sa kabilang overwhelming presence ng lalaki sa tabi niya.

And oh, did he smell good! Goodness! “And I think, Tita Au, na hangga’t hindi ko nagagaraniya na tagumpay itong gagawin ko, sa tingin ko dapat ko munang ibalik sa ’yo ang ibinayad mo.”

Nagkatinginan ang mama niya at si Tita Aurora. She could feel River’s eyes on her.

“Return some of it if our little project fails, Valentine. Pero huwag muna ngayon,” nakangiting sabi ng tiyahin ni River. “Bakit hindi mo muna subukan ngayon, Hija? And then we’ll all be the judge kung may magagawa ka bang significant na pagbabago.”

Ilang sandaling pinag-isipan niya ang sinabi ng nakatatandang babae bago napatingin sa relo. “Okay...” she shrugged, then turned to face River. Hindi niya namalayang nakatayo na pala sa tabi niya, at halos nakadikit na sa kanya. Napasinghap tuloy siya nang sa pagharap sa binata ay halos umuntog ang noo niya sa baba nito.

“Easy...” he held her by the shoulders, smiling.

Kunot-noong minasdan lang niya ito. May kakaibang kilabot na dulot ang pagkakalapit nilang iyon, ang boses nito, ang ngiti nito. Marahang itinulak niya ito sa dibdib.

“Lumayo ka nang kaunti at titingnan ko kung paano ko uumpisahan ang gagawin ko sa ’yo,” utos niya.

His brow raised a bit. “That sounds... kinky.”

She rolled her eyes. But then she saw him take a few steps back. River was probably almost six feet tall, had a nice, lean but muscular body, and gorgeous olive skin. Lahat yata sa lalaking ito ay gorgeous! And that scent, like a mix of mild cologne and something else that was entirely his. Hmm...

Focus, Val. Focus! She blinked. He was looking at her curiously.

Huminga muna siya nang malalim bago siya tumingin sa panel of judges nila. “Mama, medyo magkasing-taas si Papa at si River, hindi ba? Tita, how about your beloved?” aniya sa dalawang matandang babae. Seven years na simula nang pumanaw ang kanyang papa habang ang namayapang asawa ni Tita Au ay hindi na nila nakilala.

“I think kakailanganin ko ang ilang damit nila, iyong pamorma. The more hideous, the better,” she smiled. “If you both could come up with at least five sets of clothes each, in two hours, then that would be really cool.”

Sabay na napangiti ang dalawang nakatatandang babae, na kapwa tumango. She turned to her twin brother. “Vin, help them. Ikaw ang tagahusga ng baduy factor ng mahahanap nila. Tatal ikaw itong wagas makapamintas diyan,” sabi niya na tila excited namang sinang-ayunan ng kapatid.

Then she looked at River. “And you... River, Lex, whatever,” she slowly said. “I think we should head out, and get you some really nice... accessories.”

Tumaas ang isang kilay nito bago tumango. “Okay.”

Inabot niya ang kamay nito saka mabilis na kumaway sa mga maiiwan. “Let’s go!” Hinila niya ito palabas ng bahay, her grip on his wrist tight as they got out of the door. His skin felt good to the touch, and somehow... comfortable.

It was a first. At ngayon niya napapagtanto kung ano ang nangyayari.

She may be a bit nervous, but it could just be

excitement. Hindi siya natatakot kay River. Actually, she felt somewhat comfortable around him.

At para sa gaya niyang simula high school ay dumaranas na ng malupit na pagkamahiyain at pagmumukhang ewan sa harap ng mga crush niya, it was refreshing to act just like her quirky, carefree self around him.

She could be herself around this man. Na sa tingin niya ay isang magandang paraan upang magamot ang chronic shyness niya. Hindi siya naiilang. Hindi nawawalan ng boses o ng utak. Hindi siya nagmumukhang tanga.

Huminto siya sa tapat ng motorbike sa garahe na salitang ginagamit nilang magkapatid, an old model *Honda*. Binuksan niya ang maliit na closet sa tabi nito at inilabas doon ang dalawang helmet at ibinigay ang isa kay River, na hindi makapaniwalang nakatingin lang sa kanya.

She pushed the bike out of the garage and the open gate, then sat on it as she fixed her helmet. Tinapik niya ang espasyo sa likuran niya.

“Sakay na, Lex.” Tumalima ito. “Huwag masyadong mahigpit,” aniya nang maramdamang ang pagpaikot ng mga braso nito sa katawan niya.

“Steady lang.”

“Sure, Madame.”

Huminga nang malalim ang dalaga at nang masigurong maayos na ang posisyon nilang dalawa ay pinasibad na niya ang motorbike.

Pero wala yatang makakatalo sa bilis ng pintig ng puso niya.

River wanted to close his eyes as he held on to Val, who may look soft and fragile but steady as they rode against the late afternoon wind, navigating the town roads. Suwabe itong magpatakbo ng motor, ni hindi sila gumiwang man lang kahit nang lumiliko ito.

Hindi pumasok sa utak niyang ang isang gaya nito ang tutulong sa kanya sa make-under project na iyon. He thought it would be either some strict old lady or a military guy. But seeing Valentine enter the main door of their house spinning on her brother's back was a wonderful surprise.

“Saan tayo pupunta?” tanong niya rito.

“Sa boardwalk!” malakas na sabi nito. “Dude, manahimik ka na lang muna at hindi ako sanay mag-drive nito habang may kausap!” dagdag nito na

nagpatawa sa kanya.

She may look positively hideous, what with those outdated clothes, but she was just too freaking adorable one couldn't help but smile at her antics. Oh wait, she was not even aware how funny she was.

This girl fascinated him. He normally wouldn't pay attention to a woman who was not showing off more skin than necessary. But Val, with that tacky denim jacket over an equally tacky leopard print top, paired with flesh-colored corduroy flared pants—iyong kapag inilakad ay nagwawalis ng kalat sa dadaanan nito. And her shoes! Anong dekada kaya nauso ang suot nitong *Adidas* sneakers na parang kay bigat?

Okay na sana ang hitsura ng babaeng ito—she was strikingly pretty, actually. Lampas-balikat ang reddish brown na buhok nitong tila kay lambot tingnan. Her side bangs frame her heart-shaped face. Her huge almond eyes were wide-set, her brows had a lovely arch, her nose was cute and pert, and her lips were pinkish and looked like they're always moist.

Her slightly athletic, slender frame, with subtle curves in the right places, felt good pressed this close against him. And her skin... and the way she blushed! Man, he wondered how her skin would look after

he's had her hands all over her... damn! What the hell was he doing thinking all those nasty thoughts about probably the most naïve, clueless, but probably the sexiest woman he'd ever met?

Hindi siya nagpunta rito sa San Diego para mambabae. Hindi niya dapat hinahayaang masyadong madala ng mga nararamdamang halos yakap niya itong magandang driver ng motor na ito.

“Ouch, River!” Tinampal ng dalaga ang braso niya. “Sinabi ko, huwag mahigpit, eh. Hindi ako makahinga,” angal nito habang ipinaparada ang motor sa labas ng tila warehouse ng Korean fashion accessories. Noon niya napansin na ang kapit pala niya ay nasa espasyo sa ibaba ng dibdib nito.

Shit! “Sorry. I’m sorry, Val.” Inalis niya ang helmet at tiningnan ito nang may pakikiusap. “Hindi ko napansin, I swear.”

Nangunot ang noo nito. “Ano ba, okay lang! Hindi ka lang siguro sanay na umaangkas sa motor ’tapos babae ang driver.” She subconsciously rubbed that space below her breasts, which weren’t much, but looked... nice, anyway.

Crap, bakit ba siya tumitingin doon?

“Dito sa bandang diaphragm kasi ang kinapitan

mo kaya mahirap huminga. Alam mo bang ang diaphragm ang—”

“I know, I know,” awat niya sa kausap bago iginiya na papasok sa tindahan. Ayaw na niyang ituloy pa ni Val ang sasabihin habang ang isang kamay ay humihimas sa parteng iyon, dahil hindi niya maiwasang mapatingin... at mag-isip.

“Okay... let’s see...” Iginala nito ang tingin nang nasa loob na sila ng tindahan. Napakaraming pagpipilian doon. Mayroon ding Koreans, at Koreans din ang mga nasa counter. “*Annyeong haseyo!*” masiglang bati ni Val sa mga ito, calling attention to both of them, na kaagad nitong pinagsisihan.

Hinila siya nito paharap habang iginigiya sa racks ng mga casual wear at accessories. “Sorry. I forgot may kasama pala akong guwapo at sikat,” bulong nito. Mabilis nilang naisagawa ang pamimili na ang karamihan ay mga accessories lang naman, kasama na ang dalawang pares ng nerdy glasses. Matapos ang ilang minuto ay palapit na sila sa counter upang bayaran ang pinamili.

Nang maibalot ang mga binili nila at makuha ang sukli ay sumaludo siya sa mga babaeng nasa counter. “*Annyeong! Kamsahamnida!*” sabi niya na dahilan upang halos hilahin na siya palabas ni Val. “What?

'Kala mo ikaw lang ang sanay ng *annyeong-annyeong* na 'yon, ha," natatawang saad niya bago isinukbit sa balikat ang malaking eco bag ng pinamili nila.

"Your voice! Pahamak 'yang boses mo!" asik nito.

"Ano'ng mali sa boses ko?"

"Hello? You say each word really clearly, in this soft, low, and very sexy, manly voice."

"Sexy, huh." He wiggled his brows. Wow, what is going on? Kanina lang ay tila galit sa mundo ang drama niya. But now that he'd been spending time with this weird, beautiful, hot—"What do you do, Val?"

Nangunot ang noo nito. "What? I teach Calculus."

Damn! And why is that such a turn-on? "Nice. So, as you were saying about the voice..." Isinuot na rin niya ang helmet.

Tiningnan siya ng babae. "Ang s'abi mo kanina, nag-braces ka noong high school?" Naupo na ito sa motor.

Sumunod siya at ipinaikot ang mga braso rito. *Heaven.* "Yeah?"

She started the engine. "How do you feel about

River's First - Sachi Bliss

retainers?" tanong nito bago muling pinasibad sa daan ang sasakyang.

3

“Come on, Lex. Let me see that.” Muling kumatok si Val sa pinto ng banyo ng master’s bedroom.

Bumukas ang pinto, and out came River, na sa halip na magmukhang ewan dahil sa damit nito na bukod sa sinauna ang design ay magkakalaban pa ang mga kulay, parang rarampa sa runway. Bumuntong-hininga siya. “Puwede ka bang mag-slouch, please?”

Inihukot naman nito ang katawan. Suot na rin nito ang Clark Kent glasses na binili nila kanina, ang pink and blue floral long-sleeved top nito ay nakabutones mula cuffs hanggang leeg. Katerno niyon ang violet corduroy pants, na straight cut at may silver piping sa gilid. And his shoes—it was a pair of wing tips na galing naman sa collection ng yumaong asawa ni Tita Au.

“Kulang pa din.” Minasdan niya ang buhok nito. “How do you feel about a haircut?”

He smirked.

She smiled. River may look too good and intimidating at first, ngunit nakakaaliw kung paanong tila willing itong sundin ang lahat ng sinasabi niya.

Itinulak niya ito papasok sa banyo.

“Trim lang, hindi kita kakalbuhin.”

Walang kibong tumango ito. Bumalik siya sa kuwarto at kinuha ang gunting na gamit ng mama niya sa pananahi ng kung anu-ano at ang lalagyan ng loose powder.

“Take it off muna.” She tugged at his shirt, marvelling at how comfortable she was with this beautiful man. Pero nang walang salitang sinimulan nitong alisin ang suot na pang-itaaS at tumambad sa kanya ang katakam-takam na upper body nito, parang sa kauna-unahang pagkakataon simula nang makilala niya si River ay uurong yata ang dila niya.

His body was as glorious as she thought it would be. Those shoulders, arms, chest.... her eyes went lower and couldn't help biting her lip to keep herself from giggling. His abs could win an *Academy* award, or a landslide victory in the elections. At the sight of it, she felt like a growling tiger.

“Val, you should never bite your lip like that when checking out a man, especially inside a bathroom... that's too close to a bedroom.”

Napabuga siya ng hangin. “Okay, River Lex. Just sit down.”

Ilang segundong minasdan muna siya ng kausap bago ito naupo sa harap niya. Ipinatong niya ang kamay sa balikat nito, iniisip kung paano sisimulan ang paggupit.

“Let me guess, hindi ka sanay gumupit?”

Tumango siya. “Pero malinaw naman ang mga mata ko, hindi ko gugupitin ang ears mo, promise.”

He looked grim. “I’m at your mercy. Do what you have to do,” mahinang sabi nito bago hinawakan ang kamay niyang nasa balikat nito, then caught himself. “Sorry.”

Nangunot ang noo niya, para kasing may gustong sabihin o gawin ang binata, or maybe it was just an impulse that made him do that. “Relax.” Minasahe muna niya ang balikat nito.

She could feel the knots from underneath the ball of her palm and fingers. She stroked and kneaded until she felt him relax.

And she liked the feel of his skin, his firm muscles, his...

“Val...” Muling hinawakan ni River ang kamay niya. “Malapit na akong antukin sa masahe mo. Please...” sabi nito sa boses na tila hirap. “Please just

do whatever with my hair.”

Tumingin siya nang derecho sa mga mata nito sa salamin. His light-colored eyes were now looking at her intently. It made her nervous, and excited at the same time. “Okay, sorry.” She bit her lip.

“Stop... biting your lip.”

“OA ka, pati lips ko pinapakialaman mo. Manahimik ka nga,” saway niya bago sinimulang suklayan ang buhok nito.

In fifteen minutes, she was done. It was a slightly crude, clean cut, na nilagyan niya ng wax habang hinahati iyon sa gitna. Nang matapos ay tinulungan pa niya ang binata na isuot muli ang hinubad na floral printed shirt. Nakatingin lang ito sa kanya habang abala siya sa pagbubutones.

Ini-enjoy lang niya ang pagkakalapit na ito, ang maging ganito kakomportable sa isang lalaking ubod ng guwapo pero wala siyang gaanong nararamdamang kaba o hiya.

Kaya bang gamutin ng ganitong klase ng exposure sa isang gaya ni River ang chronic shyness niya, lalo na kay Chandler? Puwede siguro. She should ask advice from this man. Vin wouldn't give him much inside info. Masyadong protective di-umano sa

kainosentehan niya ang kapatid. Pero ngayong narito na si River, may matatanong na siya sa lahat ng gusto niyang malaman tungkol sa iniisip ng mga lalaki.

“This is dangerous, you know.”

Tutok ang mga mata niya sa ginagawa, liking the feel of the back of her fingers grazing his skin. “Ang alin?”

“You’re too naïve, Val. Hindi ka ba natatakot sa akin? Have you not really heard anything about what kind of person I am?”

Sinulyapan niya ang guwapong mukha nitong may bahagyang lukot sa noo. “Well, nasabi na ni Vin ang mga achievements mo kanina. And my best friend Alanis is a fan of your documentaries, especially about environmental issues. And your awards. Hindi nga lang talaga ako nakakapanood pa, sorry.”

He sighed. “It’s not that, Val.”

Tinapik niya ang dibdib nito matapos ibutones ang polo. “Kakagigil ang muscles mo.”

He chuckled, dagling nabura ang weariness sa mukha nito. “You’re something else, Val. Pero babalaan na kita. Hindi mo ako dapat basta pinagkakatiwalaan.”

Sinimulan niyang linisin ang mga kalat nila sa banyo. River helped with putting away discarded clothing and the stuff they used.

“Paano kong gagawin iyon kung ang trabaho ko simula ngayon ay ang tulungan at alalayan ka habang nagtatago ka dito sa San Diego? Isa pa, hindi ba nagpapalamig ka lang dito? Dapat ni hindi mo ini-entertain iyang paggawa ng anumang ikapapahamak ng kahit sino sa atin, hindi ba?”

“But you’re a different story, Val,” frustrated na sabi nito.

Tumaas ang kilay niya. “How am I different? Crush mo ba ako? Na-love-at-first-sight ka ba sa akin?”

He pursed his lips. “Love at first sight? Who believes that crap?” Napailing ito. “Definitely not. At hindi kita crush. Sobra ka naman.”

Ouch! Now, why did that somehow, hurt? “So, ano ang problema?”

Muli itong napabuntong-hininga. “You may not be my type—”

“Hindi rin kita type,” deklara ng na-injure na pride niya.

He smiled. “Okay. Pero babae ka pa rin. At siguro naman, may nabasa o narinig ka nang report tungkol sa nasabitan kong eskandalo.” Muli ay napailing ito. “Kaya dapat hindi tayo nagkakaroon ng ganitong eksena. Iyong tayo lang sa isang kuwarto at ganito kalapit.”

Nanlaki ang mga mata niya sa implication ng sinabi nito. “Wha... hindi mo ako type pero... pero na-tu-turn on ka ba sa akin?” halos pabulong na turan niya.

Muli itong natawa. “Hindi kita type, but you’re still beautiful. And you smell so good.”

Now she wasn’t expecting that. “O-okay. So what’s the point?” kunwa ay bale-walang tanong niya.

He looked amused now. “Alam mo ba kung anong klaseng eskandalo ang nasabitan ko?”

She winced. “Nahuli kayo ng boyfriend ni Anya na si Jon sa condo niya while you and Anya were... m-making love in his kitchen ta—”

“Having sex,” pagtatama nito. “I never make love, Val.”

“Okay.” Hindi na niya alam kung ano ang idudugtong. It was a shock hearing those words from

a man as beautiful as he was, and yet it was quite... fascinating.

“I have never made love to anyone. All were just hook-ups. And I never got into any hook-up with the intention of finding love or making it. Hindi ako nakikipagrelasyon. Wala akong kakayahang o kagustuhang gawin iyon. Dahil hindi ko iyon pinaniniwalaan, okay?” pahayag nito. “And that is the kind of person I am, Val.”

Tiningnan lang niya ito. Halos hindi kumukurap si River nang sabihin iyon. But it was obvious he was just trying to sound unapologetic. There was a flicker of fear, and pain in those eyes as he spoke.

“All right.” Napatangu-tango siya. “But I have a job to do, and I was paid to be with you and make sure you’re not recognized for the next five months, at least. Kaya wala ka ring magagawa kung madalas man tayong magkakasama.”

Tumango rin ito. “I understand that. Just not too much of... this.” Iminuwesta nito ang kinalalagyang niya.

She smiled. “Okay. But we have to be friends kahit papaano or this won’t work.”

He looked at her intently. “Of course.” Isinuot

nito ang nerdy glasses nito. “Okay na ba?”

“Slouch!” Tinampal niya ang likod nito.

“Val! Ano ba ’yan? Buhay pa ba iyang inaayusan mo?” narinig nilang kinalampag ni Vin ang pinto ng kuwarto. Hinila na niya si River palabas, at nasalubong ang kapatid na napahinto sa ginagawa nang makita ang hitsura ng kasama niya. “Holy crap!”

“Okay ba?” ngisi niya bago hinila sa sala ang na-make-under na binata kung saan naghihintay ang mama niya at ang tiyahin nito. “Nagpagawa din kami ng retainers kanina, sa Monday makukuha na sakto lang sa pagpasok niya sa *INSU* this Tuesday.”

Napamura si Vin. “At pumayag ka talagang gupitan niya, Pare?” sabi nito kay River.

“Kung para naman sa ikatatahimik ko, ayos lang.”

Pagdating sa sala ay kapwa hindi rin makapaniwala ang mga naabutan nila. The two older women were laughing as they checked out the transformation. It was still obvious that River was a very fine, gorgeous man. Pero dahil nakaka-distract ang suot at hitsura nito, hindi kaagad iyon mapapansin. Lalo na siguro kapag nagsuot na ito ng retainers na sinadya upang magkaroon ng lisp ang lalaki kapag nagsalita.

She couldn't wait for Tuesday when she gets to show him off around campus.

Fifteen minutes lang tumagal ang biyahe papunta sa *Ilocos Norte State University*, ngunit pakiramdam ni River ay permanente nang may damage ang spinal cord niya. Kinalas niya ang seat belt na halos mag-suffocate sa kanya habang ipina-park ni Val ang shiny red *Beetle* nito. Yep, a *Beetle*. Sino ang mag-aakalang may mga ganoong sasakyen pa palang gumagana?

The last few days had been spent trying to get used to his new dorky personality as Prof. Lex Del Rio. Nag-trek din sila paakyat ng isang kalapit na bundok para raw medyo masunog, at magkaroon ng kaunting kagat ng lamok at galos ang balat niya para naman hindi siya masyadong perfect tingnan.

He couldn't help smiling at how Val would almost always point out his 'assets' na tila naiinis talaga ito. Naaaliw siya sa pagiging naïve ng babae, but not until her brother managed to get him alone and warn him about Val.

"She's precious, Pare. And she's really a good person. Huwag na huwag ka lang magkakamaling saktan siya, dahil kahit idol kita, hindi ako mangingiming

dagdagan ang dahilan para magtago ka ulit,” banta nito.

*“What the f*ck are you talking about? Napag-usapan na namin iyan ng kapatid mo. We both have established na hindi namin type ang isa’t isa. At wala akong balak na ma-involve sa kahit na sino dito, Pare.” Napailing siya. “Women are trouble. There’s no need to threaten me.”*

“Naninigurado lang ako. Mukhang fascinated siya sa ’yo.”

“Alam ko, at nasabi na rin niya ang problema niya. She asked for my help, and I am willing. I can be her pet, or her practice dummy if she wanted to. Ayos lang.”

Tila may pagdududa pa rin si Vin ngunit sa huli ay napahinuhod din ito. “Fine. I am not here most of the time. Every other weekend lang kung umuwi ako. Panghahawakan ko ang sinabi mo, Pare. Ikaw ang narito para sa kanya, at ganyang mukhang hindi mo naman talaga siya type, at hindi kita masisisi, then just be a friend to her. Take care of her.”

Tumango na lang siya bilang tugon, kahit ba hindi niya alam kung papaano niya gagawin iyon. May pagka-naïve man si Valentine pagdating sa mga lalaki at pakikipagrelasyon ay halata ring kaya nitong

alagaan ang sarili.

And yes, there was the matter of her ‘problem’. Apparently, she asked him to help cure her chronic shyness, especially around men she liked.

Siya raw ang sa tingin nito ay ang perfect guy exposure na kailangan nito, kaya kung maaari sana ay matulungan din niya itong maging mas normal sa pakikiharap sa crush nito, some Chandler Yu na isang architect at professor din sa state university.

Hindi pa man niya nakikilala ang lalaki ay mainit na ang dugo niya rito.

“Okay, mauuna akong lumabas, ha. Magbilang ka ng hanggang sixty bago ka sumunod. Alanis already knows about you at mas matinik ang isang iyon. Siya ang ultimate judge natin kung tagumpay ba ang disguise mo. Ang alam lang niya, malayong kaanak ka ni Tita Au na galing States at dito na magtuturo dahil gusto mong lumayo nang husto sa babaeng dumurog ng puso mo,” mahabang sabi ni Val bago natawa.

Tumaas ang isang kilay niya. “Okay.” *How ironic!*

Marahang pinisil muna nito ang kanyang braso bago ito bumaba ng sasakyang Nilapitan nito ang babaeng nasa katapat nilang parking slot at

nakasandal sa isang *Hilux*. It was Alanis, Val's best friend. Kasing-taas lang ito ng dalaga ngunit mas mahaba ang maalong buhok. She indeed looked like the famous rocker—big smile, lovely skin and all. Kabaligtaran din ito ni Val pagdating sa pananamit. She looked dignified and sophisticated.

Which wasn't what he could say about Val's oversized military-style jacket over a plain pink top, gray trousers and shiny black loafers. Orange pa ang kulay ng backpack nito. Still, between the two women, kay Val pa rin awtomatikong dumederecho ang tingin niya.

Crush na yata niya ang weird at baduy na babaeng ito!

Nang maka-sixty counts na ay bumaba na siya ng sasakyang.

Nawala ang magandang ngiti ni Alanis nang makita siya.

He inhaled deeply and extended his hand as he flashed her his new smile. “Hi, *Alanith*. I’m *Lekth*.” And make her hear his new voice. *Wow, ayos ang lisp ko, ha.*

Nangunot ang noo ng babae, ngunit nakipagkamay ito. “Alanis. Nice to meet you.” Nang bitawan siya nito

ay bumaling ito sa kaibigan. “Is this guy for real?”

Natawa lang si Val. “So real. At wala na tayong magagawa.”

Ibinilik ni Alanis ang tingin sa kanya. Inilapit nito ang mukha. River kept smiling. “Kailangan ba talaga ’yang retainers mo?”

Tumango siya. “*Yeth.*”

Nalukot ang ilong nito. “Yang glasses? Wait, you have...” Ibinaba nito ang salamin niya. “Your eyes are amazing! Hazel?”

“May Norwegian blood ang family niya,” sabat ni Val.

Alanis held his chin, turning his face from side to side. “Sayang ka, Pare. Guwapo ka sana.”

“My *exth* didn’t think *tho.*” Pinalungkot niya ang boses.

“Her loss! Gusto mo, pagkaalis niyang retainers mo, i-makeover kita?” pagbobiluntaryo nito.

“Uhm... I don’t know.”

“Yang suot mo! Naman! Addict ka ba sa 70s? O sa movie na *Revenge of the Nerds*? Hindi bagay sa ’yo.” She tugged at his beaded vest.

Well, that's the idea. "Komportable na ako dito."

Tumaas ang kilay nito. "You sure? Hindi ganoon kalakas ang air-con sa mga classroom. You should roll up the sleeves, loosen a few buttons at dapat, hindi rin 'yan naka-tuck in."

"Uh, okay na ako dito." Tumingin siya kay Val na noon ay sumesenyas na magpanggap siyang gusto nang pumasok sa loob at... magkape? *What?* "Can we go *inthide*? I really want to *thee* what the *plathe lookth* like."

Alanis simply shrugged. "All right. Let's go. And by the way..." Tinapik nito ang balikat niya. "Welcome to *Ilocos Norte State University*." She smiled.

He smiled back. "Thank you."

"Let's go. Oh, wait..." May kung anong nakita ang babae sa bandang kaliwa niya bago nito hinila ang kaibigan. "How about introducing him to your Chandler, Val?"

"Okay ka lang?" nanlalaki ang matang sabi ni Val. Nagsisimula na ring mamula ang mga pisngi nito.

"I'm sure alam mo na ang problema ng babaeng ito? I heard tutulungan mo daw siya to get rid of that... problem." Alanis waved the man over. "Tingnan natin

kung may epekto na ba ang guy exposure chenez na ito.”

“Alanis! Seriously...” Val said between gritted teeth. Pulang-pula na ito ngayon. River now felt sorry for her.

“Hey, guys,” bati ng lalaking lumapit sa kanila. Kasintaas niya ito at maayos din ang pangangatawan. Maporma ang dating. Derecho kay Val ang tingin nito.

May gusto ba ang lalaking ito sa kakambal ni Vin?

Kay Val, na hindi man lang tumitingin dito. “Hi.” Sinulyapan nito si Chandler.

Ipinakilala siya ni Alanis kay Chandler, na mukhang hindi maipinta ang hitsura, at halatang nagpipigil matawa habang nakatingin sa kanya. *Asshole!*

“Hey, Val. Bakit hindi ka sumama kahapon kay Vin? Ang saya pa naman d'un sa resthouse...” baling nito sa babae.

Because she was with me, jerk. Huh? Bakit ang init yata masyado ng dugo niya sa crush ni Valentine?

“Busy,” ani Val. She winced. “Well, may klase pa kasi kami at...” Itinuro nito ang building.

“Well, yes, sure. See you around.”

Hindi na sila nakapagpaalam nang maayos sa lalaki, not that he minded, dahil hinabol na nila ni Alanis si Val na nagmamadaling nauna nang naglakad papasok ng building.

“That totally sucked, Val,” bulong niya rito nang maabutan sa lobby.

“I know, huwag mo nang ipaalala,” parang maiiyak na sabi nito.

“Hey, it will get better. *Promith*.” Hinawakan niya ito sa braso. Tumingin siya kay Alanis na minamasdan sila bago niya ibinalik ang pansin sa kausap. “You really like that dude?” Hindi ito kumibo. “Don’t worry, Val. *Promith*, I will really help you.” And he meant it.

Anything just to see her smile again.